**MEDIA INTERVIEW IN MALATE, CITY OF MANILA**
June 16, 2025

[00:00:00]
**PRESIDENT FERDINAND R. MARCOS JR.**: Well, nandito kami ni Sec. Sonny para tingnan ang mga pangyayari dito sa first day of school natin.

Kaya dito, at least, dito sa napuntahan natin ay maganda naman. At nakausap natin, kaka-Zoom ko lang ng mga iba't ibang eskwelahan all around the country. So, mukha naman so far, maayos.

And I was explaining to our teachers na para sa kanila, para mabawasan iyong load ng kanilang trabaho, bawasan iyong administrative duties ay kukuha tayo ng dalawampung libong (20,000) bagong guro.

Sa ngayon, sa 20,000 na iyon, labing anim na libo (16,000) na ang na-hire ng DepEd na bagong guro para... Tapos kumuha naman tayo para nga ay may katumbas na hiring doon sa administrative duties, sampung libo (10,000) naman na administrative. Hindi ito nagtuturo kundi pinapatakbo ang mga eskwelahan. Para iyong teacher talagang nagtuturo. Iyong administrative ay sila ang namamahala sa mga paperworks, sa mga accounting, sa mga documentation, lahat-lahat.

At nabanggit ko sa ating mga guro na lahat ng departamento ng pamahalaan ay naka-converge dito, sama-samang nagtutulungan. At ano iyong mga duties nila? Syempre iyong DepEd maliwanag na maliwanag kung ano ang kailangan na gawin ng DepEd.

Pero sinabihan ko ang DICT, sinabi ko palawakin ninyo ang internet coverage. Sa ngayon, ang mga eskwelahang may internet lamang ay mga 60 percent. Napakababa. Ang problema talaga kuryente. Kaya't aayusin natin iyan. Dahan-dahan makikita natin magiging 100 percent iyan lahat.

Inuuna namin iyong mga tinatawag na GIDA, iyong mga underserved na mga lugar na malalayo. Iyon ang inuuna namin. Mabuti na lang may teknolohiya na para makabuo tayo ng magandang sistema nationally.

Ang DTI at saka DOTr ay ininstruksyonan ko gawin ninyo lahat ng paraan para mabawasan ang gastos ng magulang at saka ng estudyante. Ang DOH sinabi ko kailangan may health facilities lagi in case na magkasakit iyong mga bata o ma-injure eh mayroon lagi tayong nakaabang para sila ay gagamutin. At ang DSWD pati para sa mga tulong.

At tinututukan namin iyong mga cyberbullying, iyong mga bullying dahil nagiging malaking problema. Mental health problem ng mga bata dahil kung hindi maayos ang patakbo – kung talagang may bullying ay hindi sila makapag-aral nang mabuti.

Tapos iyong sa feeding program din natin, mag-start iyan next month. So, baka sa susunod nating pagkikita ay doon na sa feeding program para ma-monitor natin ng mabuti.

Pinalaki natin – pinalawak natin, rather – pinalawak natin iyong our feeding program para sa mga kabataan. Kasi kung maalala ninyo, ang DSWD mayroon na tayong program from The First 1000 Days kasama na iyong pagbubuntis para maganda iyong pag-alaga sa bata – bago pa ipinanganak at pagkatapos manganak.

Ngayon naman from five years old on, ito naman marami tayong programa, lalong-lalo na iyong feeding program para sa ating mga kabataan.

So, we are gearing up for all of that. Iyong kuryente. We are making sure na may kuryente lahat, na may tubig lahat. Iyon ang mga basic services na makikita natin para naman maging maayos ang pag-aaral ng ating mga kabataan.

All right? Okay. Thank you!

[00:04:15]

***

BAGONG PILIPINAS